

Pagkakompidensyal ng Census



NORTH CAROLINA
ASIAN AMERICANS TOGETHER

www.ncaatogether.org/census

Binibilang ng census ang lahat ng taong naninirahan sa U.S.

- Naaapektuhan ng bilang ng census ang halaga ng pondo na napupunta sa mga paaralan, *healthcare*, at iba pang kinakailangang serbisyo sa inyong lugar -- kapag mas maraming tao sa inyong komunidad ang kabilang, mas marami kayong pondo na matatanggap.
- ***Sa tuwing tutugon kayo sa census, nakakatulong kayong matiyak na ang inyong pamilya at komunidad ay makakukuha ng patas nilang bahagi ng pondo, mga serbisyo, at politikal na representasyon!***

Nagtatanong ang census ng mga batayang tanong, gaya ng edad, pangalan, lahi, at lipi, tungkol sa bawat taong nakatira sa inyong sambahayan. **Ang 2020 Census ay hindi magtatanong tungkol sa imigrasyon o pagkamamamayan.**

Ganap na kompidensyal ang inyong mga sagot sa census.

- ❖ Napakahigpit ng mga batas na pumoprotekta sa pagkakompidensyal ng inyong sagot sa census.
- ❖ Ang Census Bureau ay hindi pinapayagang magbahagi ng inyong personal na impormasyon kahit kanino, kabilang ang ICE, pulisya, o iba pang ahensya ng gobyerno.
- ❖ Maaari lang gamitin ng Census Bureau ang inyong sagot upang gumawa ng pangkalahatang impormasyon tungkol sa populasyon, gaya ng kung ilang tao ang nakatira sa inyong lungsod, at istatistika tungkol sa edad, kasarian, at lahi. Hindi maaaring magbahagi ang Census Bureau ng impormasyon tungkol sa inyo bilang isang indibidwal.

Iniaatas ng batas na ganap na tumugon ang lahat sa census at tapat na sagutin ang lahat ng tanong. Huwag magsinungaling sa census.

Mabibilang pa rin ang inyong form kahit na may laktawan kayong isa o dalawang tanong, basta't ilagay ninyo ang inyong pangalan at tirahan. Kapag lumaktaw kayo ng mga tanong o kapag hindi ninyo sinagutan ang census, maaaring mag-follow up ang Census Bureau para hingin ang nawawalang impormasyon, sa pamamagitan ng telepono o pagpapapunta ng kawani ng Census Bureau sa inyong tahanan. Kapag mas kaunti ang tanong na inyong lalaktawan, mas mababa ang tsansa na mag-follow-up ang Census Bureau.

Makakakita kayo ng karagdagang impormasyon tungkol sa census sa www.countusin2020.org/resources.